



Mga Alituntunin sa Advertising:

Mga Ahensiya para sa Kasamang Tagatulong sa Gawaing-Bahay

*Mga Madalas Itanong at mga Sagot mula sa
Connecticut Department of Consumer Protection*

Anong mga serbisyo ang maibibigay ng isang HCA?

Ang isang ahensiya, at ang mga tagapagbigay-alagang nagtatrabaho para sa ahensiya, ay makakapag-alok ng:

- Mga serbisyo para sa gawaing-bahay gaya ng paglalaba, pamimili ng grocery, pagluluto, paglilinis ng bahay, at tulong sa personal na kalinisan.
- Makakasama gaya ng sa paglalaro ng card o puzzle, pakikipag-usap, paglalakad, at iba pang laro.
- Tulong sa pagbibihis, paliligo at paggamit ng banyo.
- Pagbabantay upang tiyakin ang kaligtasan ng kliyente.
- Pagpapaalala sa kliyente na inumin ang kanyang gamot.

Ano ang hindi puwedeng gawin ng HCA?

Ang isang ahensiya ay hindi puwedeng:

- Mag-advertise ng anumang serbisyo ng pagbabantay o pag-aalaga ng nars.
- Mag-advertise na ang sinumang miyembro ng kawanihan ay Registered Nurse (Rehistradong Nars), Certified Nursing Assistant (CNA, Sertipikadong Katuwang na Nars), katuwang sa serbisyong pangkalusugan sa bahay, o espesyal na nagsanay sa mga medikal na serbisyo.
- Mag-advertise ng anumang uri ng serbisyong pangkalusugan.
- Mag-advertise ng anumang uri ng pangangalagang may kinalaman sa memorya.
- Mag-advertise ng anumang uri ng pangangalaga para sa Alzheimer's/dementia o sa hospisyo.
- Masangkot sa anumang hindi makatotohanan o maling advertising.
- Ikatawan na ang pagpaparehistro sa Department of Consumer Protection (DCP, Kagawaran ng Proteksyon ng Customer) ay maituturing na pag-eendorso ng mga Homemaker Companion Agency (HCA, Ahensiya para sa Kasamang Tagatulong sa Gawaing-Bahay) o naglalarawan sa kalidad ng mga serbisyong ibinibigay ng HCA.

Ano ang maituturing na advertising?

Ang isang advertisement ay kinabibilangan ng lahat ng pagkatawang ginagawa sa anumang paraan, kasama na ang print, mga press release, placement ng produkto/serbisyo, radyo, telebisyon, social media, at mga electronic na nakasulat na komunikasyon.

Kasama sa mga karagdagang halimbawa ng advertising ang biography ng mga miyembro ng kawanihan at logo.

Maaari bang mag-advertise ang HCA ng anumang medikal na serbisyo?

Hindi, ang isang HCA ay hindi maaaring mag-advertise o mag-alok ng anumang medikal na serbisyo gaya ng pag-iniksyon ng insulin o iba pang gamot, pangangasiwa ng colostomy bag, pag-asikaso ng Foley catheter, pagtatasa ng presyon ng dugo, paggamot ng sugat, pag-aatas ng paggamot na physical therapy, o paggawa ng espesyal na diyeta.

Maaari bang magbigay ng gamot ang isang HCA?

Hindi, ang mga empleyado ay hindi puwedeng maghanda, magdurog, magsukat, magsaayos, mamahagi, maglagay, o magbigay ng anumang gamot.

Maaari bang mag-advertise ang isang HCA ng anumang pagsasanay?

Maaari lang mag-advertise ang isang HCA ng mga pagsasanay na hindi medikal para sa mga serbisyong pinapayagan ayon sa kredensiyal ng DCP.

Maaari bang magsulong ang isang HCA ng Mga Serbisyo ng Katuwang sa Personal na Pangangalaga o iba pang serbisyon iniaalok sa mga kliyente ng DSS?

Hindi. Maaari lang mag-advertise ang mga HCA ng mga serbisyon pinapayagan sa ilalim ng kredensiyal ng DCP. Maaari mong ipahayag na kalahok ka ng mga programang ibinibigay ng Department of Social Services (DSS, Kagawaran ng mga Serbisyon Panlipunan) para sa mga kwalipikadong indibidwal.

Maaari bang i-advertise ng isang HCA na espesyal na nagsanay ang kanilang mga kawani upang tumulong o mangalaga ng mga kliyenteng may mga problema sa memorya gaya ng Alzheimer's o Dementia?

Hindi, ang Alzheimer's at Dementia ay mga medikal na diagnosis at hindi maaaring i-advertise ng mga HCA na ang kanilang mga kawani ay espesyal na nagsanay upang tumulong o mangalaga ng mga kliyenteng may mga partikular na medikal na kondisyon. Magpapahiwatig ang ganoong advertising na ang mga kawani ay magbibigay ng mga medikal na serbisyon hindi nila legal na maibibigay.

Maaari ba akong magsama sa mga advertisement ng mga terminong gaya ng pangangalagang may kinalaman sa memorya, Alzheimer's, dementia, o anupamang ibang terminong nagpapahiwatig ng medikal na diagnosis?

Hindi. Maaaring maging mapanlinlang sa mga consumer ang ganoong termino sa iyong advertisement, na magpapapaniwala sa kanila na makakapagbigay ka ng mga serbisyon hindi pinapayagan sa ilalim ng kredensiyal ng HCA.

Ano ang "KAILANGANG" gawin ng isang HCA?

- Ang isang HCA ay kailangang may wastong rehistrasyon mula sa DCP kung sila ay magtataguyod, magpapatakbo, magpapanatili, mag-a-advertise, magsasagawa, o mag-aalok ng mga serbisyo ng HCA.
- Kailangang ipahayag ng isang HCA sa anumang advertisement na rehistrado ang ahensiya at kailangan nitong isama ang numero ng rehistrasyon ng ahensiya sa anumang advertisement.
- Kailangang magbigay ang isang registry sa consumer ng paunawa tungkol sa mga legal nitong pananagutan, at kailangan nitong mag-post ng sample ng paunawa sa kanilang website.

Maaari bang mag-advertise ang isang HCA sa kanilang website ng tungkol sa pakikipagsosyo sa isa pang entidad?

Kung malinaw lang na matutukoy ng HCA ang pinagkaiba ng mga serbisyon ibinibigay nito sa mga serbisyon ibinibigay ng anupamang ibang negosyo. Kailangan nitong linawin na ang consumer ay nire-refer sa isang hiwalay na negosyo. Kung hindi malinaw ang ugnayan sa pagitan ng mga entidad, maaaring imbestigahan ang HCA para sa pagkakasangkot sa mga hindi patas o mapanlinlang na kasanayan sa negosyo.

Maaari bang i-advertise ng isang HCA na nag-aalok sila ng mga serbisyo ng CNA?

Hindi. Ang kredensiyal ng HCA ay para lang sa suportang hindi medikal.

Makipag-ugnayan sa Department of Consumer Protection

***Pangunahing Linya
(860) 713-6100***

***Sentro para sa Reklamo ng Consumer
(860) 713-6300***

***Sangay para sa mga Imbestigasyon
(860) 713-6180
dcp.investigations@ct.gov***

***Toll Free:
(800) 842-2649
dcp.complaints@ct.gov***

***450 Columbus Boulevard, Suite 901
Hartford, Connecticut 06103-1840***

